Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY**
**Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA)**

BAGONG PILIPINAS

# TROPICAL CYCLONE WARNING FOR AGRICULTURE


**TCWA NO. 1**
**TROPICAL DEPRESSION "FABIAN"**

**INILABAS 11:00 AM 08 AGOSTO 2025**
**MAY BISA HANGGANG 5:00 PM MAMAYA**

PARA SA PINAKALATEST UPDATE SA BAGYO BISITAHIN ANG: (https://bagong.pagasa.dost.gov.ph/tropical-cyclone-bulletin-iframe)

**ANG LOW PRESSURE AREA (LPA) SA KANLURAN NG REHIYON NG ILOCOS AY NAGING TROPICAL DEPRESSION "FABIAN."**

| | |
|---|---|
| **LOKASYON:** | Kaninang 10:00 AM, ito ay nasa 185 km kanluran ng Batac, Ilocos Norte |
| **COORDINATES:** | 18.1°N, 118.8°E |
| **PAGKILOS:** | Patungong hilagang kanluran sa bilis na 10 km/h |
| **TAGLAY NA LAKAS:** | 45 m/h |
| **PAGBUGSO NG HANGIN:** | 55 km/h |




## TINATAYANG LUGAR NA DADAANAN NG BAGYO

| | LAT (°N) | LONG (°E) | LOKASYON | LAKAS (km/h) | KATEGORYA |
|---|---|---|---|---|---|
| **BUKAS NG UMAGA:** | 19.4 | 117.6 | 405 km kanluran ng Calayan, Cagayan (LABAS NG PAR) | - | LOW |





Inihanda nina:
**MTR/ ARL**

Binigyang pansin:
**RAAM**

*"tracking the sky…helping the country"*


Science Garden Compound, Senator Miriam P. Defensor-Santiago Avenue, Brgy. Central, Quezon City, Metro Manila, Philippines 1100

Tel. No.: 8284 -0800 local 4915
Website: http://bagong.pagasa.dost.gov.ph

## BABALA NG BAGYO

### WALANG NAKATAAS NA BABALA NG BAGYO

## MALAKAS NA PAG-ALON

| Hanggang sa katamtaman na pag-alon ng karagatan | • **Hanggang 1.0 - 2.0 m: sa mga** baybayin ng Hilagang Luzon |
|---|---|

Pinapayuhan ang mga mandaragat na gumagamit ng mga bangkang de motor at iba pang kahalintulad na sasakyang pandagat na mag-ingat habang pumapalaot sa karagatan. Kung maaari ay umiwas muna sa ganitong kondisyon.

## PAGKILOS NG BAGYO

Inaasahang kikilos patungong hilagang kanluran ang bagyong Fabian sa buong panahon ng pagtataya. Posible itong lumabas ng Philippine Area of Responsibility (PAR) mamayang gabi o bukas (09 Agosto) ng madaling araw.

Inaasahan ding mananatili ang lakas ni Fabian hanggang sa ito ay humina at maging isang remnant low paglabas nito sa PAR.

## AGRI-PANAHON

| LUGAR NG PAGTAYA | LAGAY NG PANAHON PANG-AGRIKULTURA | TEMPERATURA ($^0$C) | | RH% | PAGKABASA NG DAHON (ORAS) |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mababang Bukirin | Mataas na Bukirin | | |
| **Kabisayaan, Rehiyon ng Bicol, MIMAROPA, Zamboanga Peninsula, Hilagang Mindanao, Caraga, Rehiyon ng Davao, at Quezon** | Maulap na kalangitan na may kalat-kalat hanggang sa malawakan na pag-ulan at pagkidlat-pagkulog | 23 – 32 | 20 – 31 | 70 – 98 | 4 – 8 |
| **Metro Manila, natitirang bahagi ng CALABARZON, at natitirang bahagi ng Mindanao** | Maulap na kalangitan na may kalat-kalat hanggang sa malawakan na pag-ulan at pagkidlat-pagkulog | 23 – 33 | 21 – 30 | 60 – 98 | 0 – 6 |
| **Natitirang bahagi ng Luzon** | Bahagyang maulap hanggang sa maulap na kalangitan na may kalat-kalat na pag-ulan o pagkidlat-pagkulog | 23 – 33 | 15 – 32 | 50 – 96 | 0 – 4 |



Science Garden Compound, Senator Miriam P. Defensor-Santiago Avenue,
Brgy. Central, Quezon City, Metro Manila, Philippines 1100

Trunkline No.: (+632) 8284-08-00
Website: http://bagong.pagasa.dost.gov.ph

| PAYONG PANSAKAHAN SA MGA LUGAR NA HINDI APEKTADO NG BAGYO |
|---|

- Bagama’t hindi direktang maaapektuhan ng bagyo ang inyong lugar, mainam pa ring maging mapagmatyag at maagap upang mapanatili ang kaligtasan ng inyong pananim at kabuhayan.
- Ipagpatuloy ang mga regular na aktibidad sa bukid gaya ng pagtatanim, pag-aabono, at paglilinis ng taniman, ngunit maging maingat sa biglaang pag-ulan o malalakas na hangin na maaaring idulot ng habagat o hanging dala ng bagyo sa kalapit na mga lugar.
- Patuloy na subaybayan ang ulat ng panahon mula sa DOST-PAGASA at lokal na DRRM upang maging handa sa anumang posibleng pagbabago ng direksyon o epekto ng bagyo.
- Makatutulong na tiyaking ligtas at matatag ang mga bagong tanim, punla, at sensitibong pananim. Kung kinakailangan, maaaring gumamit ng trapal o panakip upang protektahan ang mga ito mula sa ulan o hangin.
- Iwasan muna ang labis na pagtutubig lalo na kung may inaasahang pag-ulan, upang hindi magdulot ng water stress o pagkababad ng lupa.
- Mainam ding mag-imbak ng binhi, pataba, at iba pang input upang hindi maantala ang produksyon kung sakaling magbago ang lagay ng panahon sa mga darating na araw.
- Makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng agrikultura upang makakuha ng karagdagang impormasyon, gabay, at teknikal na suporta kung kinakailangan.

Patuloy na mag-antabay sa mga updates at pagbabago ukol sa sama ng panahon.

Ang mga public and disaster risk reduction and management office **(PDRRMO)** na maaaring maapektuhan ay pinapayuhan na gumawa ng mga kaukulang hakbang para maprotektahan ang buhay at mga ari-arian. Ang mga nakatira sa mga lugar na maaaring maapektuhan ay pinapayuhang sumunod sa mga tagubilin ng mga namumuno sa inyong lugar. Para sa heavy rainfall warnings, thunderstorm/rainfall advisories, at iba pang severe weather information na para sa inyong lugar, palaging magbantay sa mga produktong ilalabas ng inyong lokal **PAGASA Regional Services Division.**



Science Garden Compound, Senator Miriam P. Defensor-Santiago Avenue,
Brgy. Central, Quezon City, Metro Manila, Philippines 1100

Trunkline No.: (+632) 8284-08-00
Website: http://bagong.pagasa.dost.gov.ph